# Pag-aayuno Yugto 3
# Paano anyayahan ang Diyos para ipaglaban ka

Ang pag-aayuno ay isinasagawa para sa iba't ibang layunin habang ang Banal na Kasulatan ay ipinapaalam sa atin. Sa gayon habang ating binabasa at pinagaaralan ang Banal na Kasulatan makakaya nating maintindihan ang iba't ibang layunin ng pagaayuno at paglalapat niyaon sa ating buhay. Ating napagdaanan ang Banal na Kasulatan na nagsasalita tungkol sa pagaayuno at ating pagaaralan ang Banal na Kasulatang ito at kunin mula dito ang kadahilanan ng paayuno ng bayan ng Diyos at ating ilalapat yaon sa ating mga buhay.

Atin ngayong basahin at pagaralan ang 1 Sameul 7 upang malaman kung paanong tinulungan ng Diyos ang Kanyang bayan nang sila'y pumunta sa Kanya sa pananalangin at pagaayuno at kung ano ang kanilang ginawa upang paluguran ang Diyos at upang sundin Siya.

"2 At nangyari, mula nang araw na itahan ang kaban sa Chiriath-jearim, na ang panahon ay nagtatagal; sapagka't naging dalawang pung taon; at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa Panginoon.3 At nagsalita si Samuel sa buong sangbahayan ng Israel, na nagsasabi, Kung kayo'y babalik sa Panginoon ng buo ninyong puso ay inyo ngang alisin sa inyo ang mga dios na iba, at ang mga Astaroth, at ihanda ninyo ang inyong mga puso sa Panginoon, at sa kaniya lamang kayo maglingkod; at ililigtas niya kayo sa kamay ng mga Filisteo. 4 Nang magkagayo'y inalis ng mga anak ni Israel ang mga Baal at ang mga Astaroth, at sa Panginoon lamang naglingkod.5 At sinabi ni Samuel, Pisanin ninyo ang buong Israel sa Mizpa at idadalangin ko kayo sa Panginoon. 6 At sila'y nagtitipon sa Mizpa, at nagsiigib ng tubig, at ibinuhos sa harap ng Panginoon, at nagsipagayuno nang araw na yaon, at nangagsabi, Kami ay nangagkasala laban sa Panginoon. At naghukom si Samuel sa mga anak ni Israel sa Mizpa.7 At nang mabalitaan ng mga Filisteo na ang mga anak ni Israel ay nagtitipon sa Mizpa, nagsiahon laban sa Israel ang mga pangulo ng mga Filisteo. At nang mabalitaan ng mga anak ni Israel, ay nangatakot sa mga Filisteo. 8 At sinabi ng mga anak ni Israel kay Samuel, Huwag kang tumigil ng kadadalangin sa Panginoon nating Dios, ng dahil sa atin, upang iligtas niya tayo sa kamay ng mga Filisteo. 9 At kumuha si Samuel ng isang korderong pasusuhin, at inihandog na pinaka buong handog na susunugin sa Panginoon: at dumaing si Samuel sa Panginoon dahil sa Israel; at ang Panginoon ay sumagot sa kaniya. 10 At samantalang si Samuel ay naghahandog ng handog na susunugin, ay lumapit ang mga Filisteo upang makipagbaka laban sa Israel; nguni't ang Panginoon ay nagpakulog ng isang malakas na kulog nang araw na yaon sa mga Filisteo, at nilito sila; at sila'y nangabuwal sa harap ng Israel. 11 At ang mga lalake sa Israel ay nagsilabas sa Mizpa, at hinabol ang mga Filisteo, at sinaktan sila, hanggang sa nagsidating sila sa Beth-car.12 Nang magkagayo'y kumuha si Samuel ng isang bato, at inilagay sa pagitan ng Mizpa at ng Sen, at tinawag ang pangalan niyaon na Ebenezer, na sinasabi, Hanggang dito'y tinulungan tayo ng Panginoon. 13 Sa gayo'y nagsisuko ang mga Filisteo, at hindi na sila pumasok pa sa hangganan ng Israel: at ang kamay ng Panginoon ay laban sa Filisteo lahat ng mga araw ni Samuel. 14 At ang mga bayan na sinakop ng mga Filisteo sa Israel ay nasauli sa Israel, mula sa Ecron hanggang sa Gath; at ang mga hangganan niyaon ay pinapaging laya ng Israel sa kamay ng mga Filisteo. At nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng Israel at ng mga Amorrheo.15 At hinatulan ni Samuel ang Israel lahat ng mga araw ng kaniyang buhay. 16 At siya'y naparoon na lumigid taon-taon sa Beth-el, at sa Gilgal, at sa Mizpa; at hinatulan niya ang Israel sa lahat ng mga dakong yaon. 17 At ang kaniyang balik ay sa Rama, sapagka't nandoon ang kaniyang bahay; at doo'y hinatulan niya ang Israel: at siya'y nagtayo roon ng isang dambana sa Panginoon." (1 Samuel 7:2-17)

Ang buhay ay hindi madali, at sa ilang aspeto ito ay nagiging mahirap at mabigat na pangasiwaan. Sa gayon, upang mabuhay, nasa harap natin ang dalawang pagpipilian. Alinman na ikaw ay mabuhay sa sariling mong kaparaanan, ngunit kailangan mong lumaban at pagsumikapan ng walang tulong ng Diyos, o mabuhay ka ayon sa kaparaanan ng Diyos at sa ganoong pangyayari inaanyayahan mo ang Diyos para ipaglaban ka. Ito ay mas mabuti, mas epektibo at mas mabunga ang buhay kapag ikaw ay nagtiwala sa Diyos at sumunod sa Kanya na Siya ang Panginoon, ang Manunubos at ang tagapagtanggol ng iyong buhay.

Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak, ang Panginoong JesuCristo na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan at buhay na kasiya siya. Bilang si Jesus ay ang Panginoon ng iyong buhay, sa gayon maari kang makasiguro at tiyak na tao mula sa nakapaligid sayo, ngayon at magpakailanman. Ang tulong ng Diyos at ang Kanyang presensya ay sasaiyo at Siya Mismo ang haharap sa kaaway habang ikaw ay sumusunod sa Kanya at sumusunod sa Kanyang Salita.

Ang mabuting balita ngayon sa iyo ay yaong hindi mo kailangang makipaglabang magisa kundi ang Diyos ay maaring makipaglaban para sayo. Bilang ating nabanggit, may dalawang paraan para lumaban, alinmang ikaw ay pumunta at magdusa at lumabang magisa, o dalhin mo ang Diyos sa larangan ng digmaan. Sa ganoong paraan ng buhay ay magiging mas madali at mas kakaunti ang pakikibaka. Ngunit ito'y nangangailangan ng ganap na pagsunod sa Diyos at sa Kanyang Salita. At ito'y nararapat sapagkat ang Diyos ang haharap sa anumang bilang ng kaaway, sa anumang banta at sa anumang oras; kayang abutin at hampasin ng Diyos ang kaaway na hindi natin kayang abutin. Kaya niyang baguhin ang kalkulasyon; Siya ay higit sa matematika at mga kalkulasyon. Magagawa ng Diyos paikutin ang talahanayan. Kaya Niyang ibagsak ang ating mga kaway at kaya Niyang itaas tayo. Ito ay depende sa atin kung paano tayo tutugon sa Kanya. Ang Diyos ay handang lumaban sa digmaan para sa atin kung tayo ay handang sumunod sa Kanya at lakaran ang Kanyang mga kaparaanan.

Ating basahin sa 1 Samuel bersekulo "6 At sila'y nagtitipon sa Mizpa, at nagsiigib ng tubig, at ibinuhos sa harap ng Panginoon, at nagsipagayuno nang araw na yaon, at nangagsabi, Kami ay nangagkasala laban sa Panginoon. At naghukom si Samuel sa mga anak ni Israel sa Mizpa." Sa mensaheng ito iyong matutunan kung paanong anyayahan ang Diyos para lumaban para sayo, at gaya ng sumusunod:-

1. Ibigay ang iyong buhay at ang iyong puso kay Jesus at ganap na magtiwala sa Diyos: Sa panahong ng mga hukom ang bayan ng Diyos sila'y nasa pagkaalipin dahil sa kanilang mga kasalanan at yaon ay ginawa silang alipin sa mga Filisteo. * Ang kasalanan ay ilalagay ka sa kaguluhan at gagawin kang alipin kay Satanas.

Habang ating binasa ang nasa itaas na Banal na Kasulatan, ang Kaban ng Diyos, na kumakatawan sa presensya ng Diyos, ay nasa bahay, at ang mga tao ay pumupunta doon upang hanapin ang Panginoon at ang Kanyang tulong at saklolo. "2 At nangyari, mula nang araw na itahan ang kaban sa Chiriath-jearim, na ang panahon ay nagtatagal; sapagka't naging dalawang pung taon; at ang buong sangbahayan ng Israel ay tumaghoy sa Panginoon." (1 Sameul 7:2) Sa parehong paraan ngayon, ang pagpupulong ng simbahan ay maaring matatagpuan sa isang tahanan at magkakasama nating hahanapin ang Diyos, ang Kanyang tulong, at ang Kanyang gabay. Si Samuel ang nangangasiwa doon sa tahanan ng Panginoon. Naglagay siya ng malinaw na mungkahi sa harap ng mga tao: " Kung kayo'y babalik sa Panginoon ng buo ninyong puso ay inyo ngang alisin sa inyo ang mga dios na iba, at ang mga Astaroth, at ihanda ninyo ang inyong mga puso sa Panginoon, at sa kaniya lamang kayo maglingkod; at ililigtas niya kayo sa kamay ng mga Filisteo." (1 Sameul 7:3) Ang kanyang sinasabi sa kanila ay ganito: Kung talagang kayo'y magbabalik sa PANGINOON, sa gayon inyo ngang ipakita na sa pagtatapon ng lahat ng mga diosdiosan sa iyong buhay sa anumang anyo; larawan ng mga santo, anyo ng tao, hayop atbp. At alisin ang mga diosdiosan mula sa iyong puso gaya ng mga idolo ng pagmamalaki, kasakiman, o pagnanasa. Lahat ng iyon ay maari mong takbuhan at magiging iyong diyos. Sa pagtatapon ng lahat ng mga diosdiosang ito itinatalaga mo ang iyong buhay upang maglingkod sa Diyos ng buong puso. * Mga tao o anyo ng mga tao na iyong pinaglilingkuran at sa pagpapagal na iyong inilalaan sa iyong pangarap ay walang benepisyo sayo. Sa panahon ng laban kapag ikaw ay may suliranin hindi sila ang makakatulong sayo, kundi sila ang hihila sayo pababa. Ang mga Israelita ay tumugon sa mensahe at ibinaba ang kanilang mga diosdiosan, "4 Nang magkagayo'y inalis ng mga anak ni Israel ang mga Baal at ang mga Astaroth, at sa Panginoon lamang naglingkod." (1 Sameul 7:4)

2. Sa parehong paraan, tayo bilang isang simbahan ay sumunod sa Diyos at tinalikuran ang sumusunod na mga diosdiosan:

A. Pagnanasa at immoralidad; pagkakaroon ng katipang lalake at babae, pagsasama, panliligaw, panonood ng ponograpiya, namumuhay sa relasyon, paghihiwalay at pagaasawang muli, pangangalunya, maraming pagaasawa at wala sa batas na pagaasawa, pagaasawa sa hindi mga mananampalataya.

B. Pagdiriwang ng mga kapistahan ng mga diosdiosan; pagdiriwang ng Bagong Taon, at Pasko ng may Santa Claus, Christmas tree, pagdiriwang ng mga araw ng kapanganakan, anibersayo ng kasal, at anibersaryo ng kamatayan, pagdiriwang ng Araw ng Ama at Araw ng Ina, Halloween (Pagaani), Araw ng lahat ng mga Santo, Araw ng mga Puso, at Buwan ng mga Pastor. Ang lahat ng pagdiriwang na ito ay dapat mawala sa ating buhay

C. Pagmamalaki, pagyayabang at pagpapakitang gilas

D. Kasakiman, pagiimbot, at pagmamahal sa salapi.

E. Pagsasayang at paggastos ng sobra.

F. Katakawan, pagkain ng sobra, pagmamahal sa pagkain ng higit sa Diyos, pagbili ng pagkain sa mga restawrant, pagmamahal sa mga kapistahan at mga pagdiriwang ngunit tumatangging magayuno.

G. Kamunduhan, pagsasayang ng oras sa TV, U-Tube, at Facebook.

H. Mapanirang-puri, masamang hangarin, inggit, paninibugho, kapaitan, pagkakaroon ng sama ng loob, galit, pagkapoot at di pagpapatawad, pagmamayabang ng pakitang-tao, katamaran, kasiyahan, at kawalan ng pangako sa Diyos, paglilingkod sa makamundong bagay ngunit ayaw maglingkod sa Diyos.

I. Homosexualidad, hinahayaan ang isang relasyon sa pagitan ng kapwa lalaki, at kapwa babae, pagkukunsinti sa transgender at homosexual na paguugali at mga gawa, at hinahayaan ang pagaasawa ng homosexual.

Tayo ay magpatuloy pa upang makita kung paano natin maaring anyayahan ang Diyos para lumaban para sa atin.

3. Pagkakaisa sa isip at saloobin: Tinawag ni Samuel ang mga tao upang pulungin at sinimulan niyang manalangin para sa kanila. "5 At sinabi ni Samuel, Pisanin ninyo ang buong Israel sa Mizpa at idadalangin ko kayo sa Panginoon. 6 At sila'y nagtitipon sa Mizpa, at nagsiigib ng tubig, at ibinuhos sa harap ng Panginoon, at nagsipagayuno nang araw na yaon, at nangagsabi, Kami ay nangagkasala laban sa Panginoon. At naghukom si Samuel sa mga anak ni Israel sa Mizpa.7 At nang mabalitaan ng mga Filisteo na ang mga anak ni Israel ay nagtitipon sa Mizpa, nagsiahon laban sa Israel ang mga pangulo ng mga Filisteo. At nang mabalitaan ng mga anak ni Israel, ay nangatakot sa mga Filisteo." (1 Samuel 7:5-7) * Ang pagkakaisa ay mahalaga at mayroong kapangyarihan kapag tayo ay may pagkakaisa sa kung anong sinabi ng Diyos at ipinangako sa Kanyang Salita. *May kapangyarihan sa pananalangin kapag ang mga tao'y pumuntang magkakasamang nagkakaisa gaya ng sinabi ni Jesus, "19 Muling sinasabi ko sa inyo, na kung pagkasunduan ng dalawa sa inyo sa lupa ang nauukol sa anomang bagay na kanilang hihingin, ay gagawin sa kanila ng aking Ama na nasa langit. 20 Sapagka't kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila." (Mateo 18:19-20)

4. Pusong dalisay at malinis na motibo: "6 At sila'y nagtitipon sa Mizpa, at nagsiigib ng tubig, at ibinuhos sa harap ng Panginoon, at nagsipagayuno nang araw na yaon, at nangagsabi, Kami ay nangagkasala laban sa Panginoon. At naghukom si Samuel sa mga anak ni Israel sa Mizpa." (1 Samuel 7:6) Ang tubig ay malinis at malinaw, at nais ng Diyos sa atin ay maging katulad ng tubig na malinaw at ang ating puso ay malinis ang motibo sa Kanya. *Habang kanilang ibinubuhos ang tubig sa harap ng Panginoon, nais ng Diyos sa atin na ibuhos ang ating buhay para sa Kanya gaya ng handog na iniinom. Pagkatapos sa ganitong paraang makikita nating Siya ay kumikilos para sa atin. *Ilagay mo sa iyong isip na ang kalinisan ng puso ay mahalaga para sa makapangyarihang gawa ng Banal na Espiritu.

5. Pagtatapat ng mga Kasalanan; "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan."(1 Juan 1:9) Bago mo asahan ang Diyos ay gagawa para sa iyo kailangan mong magsisi mula sa iyong mga kasalanan, at kilalanin na ang iyong pagdurusa ay dahil sa iyong pagsuway sa Kanyang Salita at mga utos. *Kailangan mong ipahayag ang PagkaPanginoon ng Panginoong JesuCristo sa iyong buhay. *Habang iyong ipinapahayag ang iyong mga kasalanan at tinatalikdan ang mga iyon kailangan mong linawin sa Diyos na hindi kana babalik upang magkasala muli.

6. Pagiyak sa Diyos: "7At nang mabalitaan ng mga Filisteo na ang mga anak ni Israel ay nagtitipon sa Mizpa, nagsiahon laban sa Israel ang mga pangulo ng mga Filisteo. At nang mabalitaan ng mga anak ni Israel, ay nangatakot sa mga Filisteo.8 At sinabi ng mga anak ni Israel kay Samuel, Huwag kang tumigil ng kadadalangin sa Panginoon nating Dios, ng dahil sa atin, upang iligtas niya tayo sa kamay ng mga Filisteo." (1 Samuel 7:7-8) Habang ang kaaway ay papalapit sa atin upang atakihin tayo dapat nating alalahanin ang ating Ama Na nasa Langit, hinihintay Niya tayong manalangin at maghumiyaw sa Kanya upang tulungan tayo. *Ang pagiyak sa tao ay hindi magdadala ng mabuting resulta, ngunit ang pagiyak sa Diyos ay magdadala sa atin ng tagumpay sapagkat Siya lamang ang Diyos na makakatulong sa atin.

7. Isuko ang iyong buhay at iyong buong kalooban sa Diyos. "9 At kumuha si Samuel ng isang korderong pasusuhin, at inihandog na pinaka buong handog na susunugin sa Panginoon: at dumaing si Samuel sa Panginoon dahil sa Israel; at ang Panginoon ay sumagot sa kaniya. 10 At samantalang si Samuel ay naghahandog ng handog na susunugin, ay lumapit ang mga Filisteo upang makipagbaka laban sa Israel; nguni't ang Panginoon ay nagpakulog ng isang malakas na kulog nang araw na yaon sa mga Filisteo, at nilito sila; at sila'y nangabuwal sa harap ng Israel." (1 Samuel 7:9-10) Ang korderong pasusuhin na inihandog ni Samuel sa Diyos ay isang handog na sinusunog, ang buong hayop pagkatapos ng pagkatay ay sinunog sa dambana ng Diyos. Ang sinunog na handog ay nasa Lumang Tipan ito'y nangangahulugang ganap na pagsuko sa Diyos. Habang si Samuel ay naghahandog ng kordero para sa sinunog na handog ang Panginoon ay nagpakulog at nilito ang mga kaaway. Si JesuCristo ay ang tupa ng Diyos na nanalo sa labanan para sa atin. Siya ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, Siya ay inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan, tayo na naniniwala sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga hakbang sa ating buhay. * Sa parehong paraan, kung nais mong ang Diyos ay lumaban para sayo at pumalit sa labanan, at bigyan ka ng katagumpayan magkagayo'y kailangan mong isuko ang iyong buhay at ang iyong buong kalooban sa Diyos. * Kung iyan ang iyong desisyon magkagayo'y maging panatag na bago abutin ka ng iyong kaaway ito ay nalipol na ng Panginoon. Ang Diyos ang lalaban sa digmaan para sa atin at tayo ay magkakaroon ng katagumpayan at titipunin natin ang nasamsam.

8. Pananalangin at pagaayuno: Bilang sila'y nagsisi at itinapon ang lahat ng kanilang mga diosdiosan at itinalaga ang kanilang mga sarili upang maglingkod sa Panginoon at isinuko ang lahat ng kanilang mga buhay at kalooban sa Diyos sa gayon ang kaligtasan ay nagsimula. Sila'y pumunta sa pananalangin at pagaayuno at ipinangako ang kanilang buong buhay sa Diyos at paglingkuran Siya. Ang kanilang pagaayuno ay ayon sa kanilang pagsisisi at sa pagtalikod sa kanilang mga kasalanan at pagbabalik sa Diyos

Bilang tunay na nagsisisi ang bayan ng Diyos sa gayon ang pagaayuno ay matinding kalungkutan at taos pusong damdamin sa lahat ng sakit ng epekto ng kanilang mga kasalanan na kanilang nagawa laban sa Diyos, at ang kanilang totoong desisyon na magbalik sa Diyos at maglingkod sa Kanya ng buong puso. Sila'y lumapit sa Diyos ng may kalungkutan ng puso na nagsisisi nakikita sa panlabas na pagaayuno, at yaon ay tunay na pagsisising kumilos sa Diyos para ihatid at iligtas ang Kanyang bayan.

* Sa parehong paraan, hindi ang pagaayuno lamang ang makakapagpakilos sa Diyos kundi ang iyong tunay na pagsisisi na siyang magpapakilos sa Diyos na kumilos para sayo.

* Hindi sa ritwal na pagaayuno lamang na kikilos ang Diyos bagkus sa tunay na pagsisisi na magpapakilos sa Diyos para sayo. Kapag nagaayuno ay isang kinahantungan ng pagsisisi at pagtalikod sa mga kasalanan sa gayon yaon ang hinihintay ng Diyos na makita sa ating buhay ng Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan at yaon ang magpapakilos sa Kanya na kumilos para sayo.

9. Pagsunod sa espirituwal na namumuno na nagbibigay sayo ng mga tagubilin ng Diyos gamit ang Salita ng Diyos sa direksyon ng Banal na Espiritu: Ang Diyos ay nagsalita sa mga Israelita sa pamamagitan ni Samuel na inilagay Niya sa kanilang lahat. Si Samuel ay nagsasalita sa mga tao ng Salita ng Diyos at tagubilin ng Diyos kung paano lumaban sa digmaan at magkaroon ng tagumpay. Ito ay tama, na maari mong sabihin na ikaw ay nasa ilalim ng Diyos, ngunit ang Diyos Mismo ay nagtalaga ng mga tao sa iyo upang turuan ka ng Salita ng Diyos na nagtuturo sa atin ng sumusunod: "7Alalahanin ninyo ang nangagkaroon ng pagpupuno sa inyo na siyang nangagsalita sa inyo ng salita ng Dios; at sa pagdidilidili ng wakas ng kanilang pamumuhay, ay inyong tularan ang kanilang pananampalataya. 8 Si Jesucristo ay siya ring kahapon at ngayon, oo at magpakailan man.17 Magsitalima kayo sa namiminuno sa inyo, at kayo'y pasakop sa kanila: sapagka't pawang nangagpupuyat dahil sa inyong mga kaluluwa, na parang sila ang mangagsusulit; upang ito'y gawin nilang may kagalakan, at huwag may hapis: sapagka't sa ganito'y di ninyo mapapakinabangan." (Hebreo 13:7-8,17) Ang pinuno na pinili ng Diyos ay ang bibig ng Diyos sa mga tao upang iderikta sila sa kung anong nais ng Diyos sa kanila na malaman, na gawin at maging. Masasabi din natin ang sumusunod: *Para anyayahan ang Diyos na ipaglaban ang laban para sayo, ito ay magkakakatotoo kapag ikaw ay humingi ng

payo sa Panginoon mula sa mga tinawag ng Diyos upang atasan ka sa Kanyang Salita. Kaya kung bakit ang Salita ng Diyos ay nagtuturo sa atin ng mga sumusunod: "12 Datapuwa't ipinamamanhik namin sa inyo, mga kapatid, na inyong kilalanin ang nangagpapagal sa inyo, at nangamumuno sa inyo sa Panginoon, at nangagpapaalaala sa inyo; 13 At inyong lubos na pakamahalin sila sa pagibig, dahil sa kanilang gawa. Magkaroon kayo-kayo ng kapayapaan." (1 Tesalonica 5:12-13) Si Sameul ay lumilibot sa lahat taon taon upang kanyang maturuan at atasan ang mga tao ng kung anong gagawin gaya ng ating mababasa dito: "15 At hinatulan ni Samuel ang Israel lahat ng mga araw ng kaniyang buhay. 16 At siya'y naparoon na lumigid taon-taon sa Beth-el, at sa Gilgal, at sa Mizpa; at hinatulan niya ang Israel sa lahat ng mga dakong yaon. 17 At ang kaniyang balik ay sa Rama, sapagka't nandoon ang kaniyang bahay; at doo'y hinatulan niya ang Israel: at siya'y nagtayo roon ng isang dambana sa Panginoon." (1 Samuel 7:15-17) Tayo din ay tinawag upang akayin ang iba, ating gagawin ang katulad, lumilibot upang pastulan ang kawan, ang mga tao na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin upang turuan at pangunahan sila sa daan ng katuwiran hanggang si Jesus ay dumating at kunin tayo kasama Niya sa langit. *Sa gayon, ang iyong panalangin at pagaayuno ay sasagutin at ang Diyos ay sasaiyo upang labanan ang iyong kaaway kapag ikaw ay sumunod sa mga utos ng Salita ng Diyos na ibinigay namin sayo.

Habang ang bayan ng Diyos ay sumunod sa mga tagubilin ni Samuel, ang Diyos ay binigyan sila ng malaking tagumpay at isang malaking halaga ng nasamsam at ibinalik sa kanila sa kung anong kinuha ng kaaway sa kanila bilang ating mababasa dito: "11At ang mga lalake sa Israel ay nagsilabas sa Mizpa, at hinabol ang mga Filisteo, at sinaktan sila, hanggang sa nagsidating sila sa Beth-car. 13 Sa gayo'y nagsisuko ang mga Filisteo, at hindi na sila pumasok pa sa hangganan ng Israel: at ang kamay ng Panginoon ay laban sa Filisteo lahat ng mga araw ni Samuel. 14 At ang mga bayan na sinakop ng mga Filisteo sa Israel ay nasauli sa Israel, mula sa Ecron hanggang sa Gath; at ang mga hangganan niyaon ay pinapaging laya ng Israel sa kamay ng mga Filisteo. At nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng Israel at ng mga Amorrheo." (1 Samuel 11, 13-14)

10. Maging mapagpasalamat sa Diyos: Ating ipahayag ang lahat ng ibinigay sa atin ng Panginoon. Ating gawin kung ano ang ginawa ni Samuel, "12 Nang magkagayo'y kumuha si Samuel ng isang bato, at inilagay sa pagitan ng Mizpa at ng Sen, at tinawag ang pangalan niyaon na Ebenezer, na sinasabi, Hanggang dito'y tinulungan tayo ng Panginoon." (1 Samuel 7:12) Dapat nating laging sambitin ng may kagalakang puso kung anong ginawa ng Panginoon para sa atin, 'Hanggang dito'y tinulungan tayo ng Panginoon, ' at dapat natin bigyan Siya ng pasasalamat at papuri para doon sa lahat ng mga bagay. "18 Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo; sapagka't ito ang kalooban ng Dios kay Cristo tungkol sa inyo." (1 Tesalonica 5:18)

Sa aking Mahal at Minamahal: Magkaroon ng pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya ng buong puso. Ipagkatiwala ang iyong buhay, katawan, kaluluwa at espiritu sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga paraan. Huwag ibigay ang iyong pagtitiwala sa mga tao o sa anumang anyo; tunay na hindi sila makakatulong sayo. Kung may itinatago kang anumang anyo, tulad ng anyo ng tao o materyal na kapital bilang isang kasunduan na tutulong sayo sa oras ng kaguluhan, magkagayo'y siguraduhin na ang bagay na pinagkakatiwalaan mo, ito ay ang parehong bagay na hihilahin ka pababa. Samakatuwid maging mataimtim at magsisi.

Upang ang iyong panalangin at pagaayuno ay masagot kailangan mong sundin ang sumusunod na mga puntos na ating natalakay:

1. Ibigay mo ang iyong buhay at iyong puso ng ganap kay Jesus at ganap na magtiwala sa Diyos.
2. Sumunod sa Diyos at talikuran ang lahat ng mga diosdiosan na ating natalakay sa mensaheng ito.
3. Makipagkaisa, sa isip at saloobin sa Diyos, sa Kanyang Salita, at sa Kanyang simbahan
4. Linisin ang iyong puso at maging malinis ang motibo
5. Magsisi sa paghahayag at pagtalikod sa lahat ng iyong mga kasalanan
6. Umiyak sa Diyos at magtiwala sa Kanya na Siya ang lalaban para sayo
7. Isuko ang iyong buhay at ang iyong buong kalooban sa Diyos.
8. Manalangin at magayuno nagtitiwala sa Diyos lamang para sa iyong kaligtasan
9. Sumunod sa espirituwal na namumuno ng simabahan na nagbibigay sayo ng mga kautusan ng Diyos mula sa Salita ng Diyos ng may direksyon ng Banal na Espiritu
10. Maging mapagpasalamat sa Diyos at magpasalamat para sa lahat ng iyong natanggap mula sa Kanya

Pagkatapos ng lahat ng ating natalakay, umupo ngayon sa Panginoon at hayaan ang Banal na Espiritu na siyasatin ang iyong puso, isip at saloobin. Tingnang mabuti sa mga bagay sa iyong buhay na salungat sa Salita ng Diyos. Tumalikod mula sa iyong sariling maling kaparaanan, at magsisi sa iyong mga kasalanan at simulang isabuhqy sa iyong buhay na paluguran ang Diyos. Mula sa araw na ito tinawag ka ng Diyos na sumunod sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga kaparaanan sa gayo'y ang iyong panalangin at pagaayuno ay maging kalugodlugod sa Panginoon.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyong Salita na ipinakita sa akin ng malinaw ang iyong mga kaparaaanan at kung paano mo nais isabuhay ang aking buhay para sayo.

Ipahayag ngayon ang iyong mga kasalanan sa Diyos at talikuran ang mga ito. Talikuran ang lahat ng mga diosdiosan na nagpapasaya sa iyong sarili. Talikuran ang lahat ng mga tao at materyal na mga anyo na iyong pinagkakatiwalaan ng higit sa Diyos.

Panginoon aking ipinagtatapat at tinatalikdan ang lahat ng sumusunod na mga kasalanan. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa lahat ng ito at mula sa araw na ito aking ipinapangko ang aking sarili na sumunod sa iyong Salita at lumakad sa iyong mga kaparaaanan upang ang aking panalangin at pagaayuno ay maging katanggap tanggap sayo.

Panginoon aking ipinagkakatiwala ang aking buhay upang sumunod sa mga sumusunod:

Upang ibigay sayo ang aking buhay at aking puso ganap na nagtitiwala sayo
Upang isuko ang aking buhay at ang aking buong kalooban sayo
Upang magsisisi sa pagtatapat at pagtalikod sa lahat ng aking mga kasalanan
Upang sumunod sayo at talikuran ang lahat ng mga diosdiosan
Upang umiyak sayo at magtiwala sayo na ikaw ng lalaban para sayo
Upang linisin ang aking puso at magkaroon ng isang malinis na motibo
Upang makipagkaisa, sa isip at saloobin sayo, sa iyong Salita at sa iyong simbahan
Upang mabuhay sa pananalangin at pagaayuno pagtitiwala sa Diyos lamang para sa kaligtasan
Upang sumunod sa espirituwal na namumuno ng Iyong simabhan na nagbibigay sa akin ng Iyong Salita
10. Maging mapagpasalamat sayo at maging mapagpasalamat para sa lahat na aking natanggap mula sayo

Panginoon dinggin mo ang aking panalangin at saluting ang aking pagaayuno at iligtas ako mula sa sumusuno na kaaway

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatiran na ipinagkatiwala ang kanilang mga sarili na magsisi sa kanilang mga kasalanan, upang manalangin at magayuno, at isabuhay ang kanilang buhay upang maglingkod sayo, Panginoon bigyan sila ng mabuting kalusugan at sa kalakasang magpatuloy at maglingkod sayo. Panginoon ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon ibigay sa kanila ang iyong Salita. Panginoon punuin sila at pangunahan sila ng iyong Banal na Espiritu na magpatuloy at gawin ang iyong gawain. Panginoon protektahan mo sila mula sa masama at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan.

Panginoon ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan na maging tagagawa ng iyong Salita at upang tuparin ang gawain na itinawag mo sa amin upang gawin para sayo. Panginoon protektahan mo kami ay iligtas kami mula sa masama at manguna ka sa amin at labanan ang aming laban . Panginoon punuin mo ulit kami ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espirituwal na kaloob na aming kailangan sa aming buhay. Panginoon bigyang daan kaming makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting balita ni JesuCristo. Panginoon bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibilya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:

NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com